Mensahe Tatlo

## Ang Intrinsikong Pagtatayo ng Ekklesia para sa Organikong Pangsyon Nito

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 4:11-16; Roma 12:4-8; 1 Cor. 12:4-11, 28

**I. Ang intrinsikong pagtatayo ng ekklesia ay sa pamamagitan ng lahat ng napasakdal na sangkap ng Katawan ni Kristo—Efe. 4:11-16:**

A. Si Kristo, ang umakyat sa langit na Ulo, ay nagbigay ng mga kaloob—ang mga apostol, mga propeta, mga ebanghelista, at mga pastol at mga tagapagturo—para sa pagpapasakdal ng mga banal sa mga ekklesia-lokal—bb. 11-12; 1 Cor. 12:28; Gawa 13:1.

B. Ang pagpapasakdal ng mga banal ay "tungo sa gawain ng ministeryo, tungo sa ikatatayo ng Katawan ni Kristo"—Efe. 4:12:

1. Ang salitang *tungo* sa Efeso 4:12 ay nangangahulugang "nagreresulta sa," "*para sa layunin ng*," o "*nang may pananaw sa*."
2. Ang maraming may kaloob na tao ay mayroon lamang isang ministeryo, yaon ay, ang ihain si Kristo para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo, ang ekklesia; ito ang namumukod-tanging ministeryo sa Bagong Tipang ekonomiya—2 Cor. 4:1; 1 Tim. 1:12.
3. Ayon sa gramatikong pagkakabuo ng Efeso 4:12, ang pagtatayo ng Katawan ni Kristo ay ang gawain ng ministeryo:
   a. Anuman ang ginagawa ng mga may kaloob na tao bilang gawain ng ministeryo ay dapat para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—bb. 12, 16.
   b. Ang pagtatayong ito ay hindi tuwirang isinasagawa ng mga may kaloob kundi ng mga banal na napasakdal ng mga may kaloob; ang gawain ng mga kaloob ay hindi tuwiran, subalit ang gawain ng mga banal ay tuwiran—bb. 11-12.
   c. Ang mga kaloob ay pinagsama-sama sa loob ng koordinasyon upang pasakdalin ang mga banal sa ekklesia upang ilabas ang kanilang pangsyon, bawat isa na gumagawa ng gawain ng ministeryo—b. 12.
   d. Sa ganitong paraan, sa pamamagitan ng pagpapasakdal ng mga may kaloob, lahat ng banal ay gagawa ng gawain ng ministeryo, at sa huli ang Katawan ni Kristo ay maitatayo—bb. 12, 16.

C. Sa kalaunan, lahat ng sangkap ng Katawan ni Kristo ay "makararating sa kaisahan ng pananampalataya at ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos, sa ganap na lumagong tao"—b. 13:

1. Ang kaisahan ng Espiritu sa bersikulo 3 ay ang kaisahan ng dibinong buhay sa realidad, at ang kaisahan sa bersikulo 13 ay ang kaisahan ng ating pamumuhay sa praktikalidad:
   a. Ang kaisahan ng realidad ay kailangang maisagawa at sa gayon ay maging ang kaisahan sa praktikalidad—bb. 3, 13.
   b. Ang salitang *makarating* sa bersikulo 13 ay nagpapahiwatig na isang proseso ay kailangan upang tayo ay makarating sa kaisahan ng ating pamumuhay sa praktikalidad; ang kaisahan ng realidad ay ang pasimula, at ang kaisahan sa praktikalidad ay ang hantungan.
2. Ang kaisahan sa praktikalidad ay ang kaisahan ng pananampalataya—b. 13:
   a. *Ang pananampalataya* ay hindi tumutukoy sa ating pagsampalataya kundi sa mga bagay na pinananampalatayanan natin, gaya ng dibinong persona ni Kristo at ng Kanyang mapanubos na gawain na naisakatuparan para sa ating kaligtasan—1 Tim. 1:19; 6:10, 12, 21; Judas 3.
   b. Sa buhay-ekklesia ay mayroon lamang tayong isang bagay na espesyal—ang pananampalataya; ang ipaggiitan ang anuman maliban sa pananampalataya para sa

pagtanggap sa mga mananampalataya ay ang maging mapagbaha-bahagi—Roma 14:1; 15:7.

3. Ang kaisahan sa praktikalidad ay ang kaisahan rin ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos—Efe. 4:13:
   a. Ang lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos ay ang pagkabatid sa pahayag hinggil sa Anak ng Diyos bilang buhay sa ating karanasan—Mat. 16:16.
   b. Ang kaisahan ng pananampalataya ay lubusang nakasalalay sa lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos; tanging kapag kinuha natin si Kristo bilang sentro at nakatuon sa Kanya na makararating tayo sa kaisahan ng pananampalataya, sapagkat tanging sa Anak ng Diyos magiging isa ang ating pananampalataya—Juan 20:31; Gal. 1:15-16; 2:20; 4:4, 6; 1 Cor. 2:2.
4. Ang makarating sa "ganap na lumagong tao" ay ang makarating sa paggulang sa buhay; ang paggulang ay kailangan para sa praktikal na kaisahan—Efe. 4:13.

D. Para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo kailangan nating panghawakan ang katotohanan sa loob ng pag-ibig upang tayo ay "lumago sa lahat ng bagay tungo Kanya, na siyang Ulo, si Kristo"—b. 15:
   1. Ang lumago tungo kay Kristo ay ang mapalaki si Kristo sa loob natin sa lahat ng bagay hanggang sa makaabot tayo sa isang ganap na lumagong tao.
   2. Ang *Ulo* sa Efeso 4:15 ay nagpapahiwatig na ang ating paglago sa buhay sa pamamagitan ng paglaki ni Kristo ay dapat ang paglago ng mga sangkap sa Katawan sa ilalim ng Ulo.

E. Ang lumago sa buhay ay ang lumago tungo sa Ulo, kay Kristo, subalit ang gumawa sa loob ng Katawan ay ang gumawa mula sa Kanya—bb. 15-16:
   1. Una, tayo ay lumalago tungo sa Ulo; pagkatapos mayroon tayong isang bagay na galing sa Ulo para sa pagtatayo ng Katawan—b. 16.
   2. Sa pamamagitan ng paglago sa buhay at ang pag-unlad ng mga kaloob, bawat sangkap ng Katawan ni Kristo ay may kanyang sariling sukat, na gumagawa para sa paglago ng Katawan.
   3. Ang paglago ng Katawan ni Kristo ay ang paglaki ni Kristo sa ekklesia, na nagreresulta sa pagtatayo ng Katawan sa pamamagitan ng Katawan mismo—b. 16.

**II. Ang organikong pangsyon ng ekklesia ay nasa organikong Katawan ni Kristo at nasa mga lokal na kahayagan ng organikong Katawan ni Kristo—1 Cor. 1:2; 12:27-28; Roma 12:4-8; 1 Cor. 12:4-11:**

A. Dahil tayo ang organikong Katawan na ito, tayo ay dapat organiko at nagpapangsyon nang organiko sa buhay-ekklesia—Roma 12:4-5:
   1. Kapag ang biyaya ng Diyos sa loob ni Kristo bilang dibinong elemento ay pumasok tungo sa ating katauhan upang maging ating buhay para sa ating katamasahan, kasama nitong dinadala ang elemento ng ilang espiritwal na kasanayan at kakayahan, na, kaakibat ng ating paglago sa buhay, ay umuunlad tungo sa mga kaloob sa buhay upang makapagpangsyon tayo sa loob ng Katawan ni Kristo—bb. 6-8.
   2. Kapag ang buong Katawan ay gumagawa, sinasanhi ng Katawan ang paglago ng sarili nito, nagreresulta sa Katawan na naitatayo sa loob ng pag-ibig—Efe. 4:16.

B. Ang organikong pangsyon ng organikong Katawan ni Kristo ay nasa mga lokal na kahayagan ng Katawan at sa pamamagitan ng pagkilos ng Tres-unong Diyos sa mga paggawa ng Diyos, sa pamamagitan ng mga ministeryo ng Panginoon, at sa pamamagitan ng mga kaloob ng Espiritu sa Kanyang mga pagpapakita sa mga sangkap ng organikong Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:4-11, 28:
   1. Sa 1 Corinto 12:4-6 ay naroon ang mga paggawa ng Diyos Ama, ang mga ministeryo ng Diyos Anak, at ang mga kaloob ng Diyos Espiritu.

2. Ang mga kaloob ng Espiritu ay upang isagawa ang mga ministeryo ng Panginoon, at ang mga ministeryo ng Panginoon ay upang isakatuparan ang mga paggawa ng Diyos Ama—bb. 4-6.
3. Habang tayo ay organikong nagpapangsyon, ang Tres-unong Diyos, na nasa loob natin, ay kumikilos kasama natin.
4. Ang Tres-unong Diyos ay hindi kumikilos nang hiwalay sa atin; kapag tayo ay kumikilos, Siya ay kumikilos—Efe. 3:16-17; 2 Cor. 13:14; 1 Cor. 12:4-6.

C. Ang organikong pangsyon ng ekklesia ay para sa pagtatayo ng ekklesia bilang organikong Katawan ni Kristo, ang kapuspusan ng nagpapaloob ng lahat na Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat—Efe. 1:23.

*© 2021 Living Stream Ministry*